# Ang Katúbusan ñg Babáe.

—:—:—

*Kay Sinag Bituin.*

Mahal na kaibigan:

Ang paglaganap ngayon ng mga bagong kaisipáng náhihingil sa katúbusan ng babáe sa dakong ito ng kasilangñanan, ang pagmamasíd ng mga kilos, anyo't paguugaling lubhang náiibá't anila'y tungo sa hinahangad na pagkakátaás ng babáe, ay tunay na pumupukaw sa aking isip ng di maulatang mga pagkukurò tungkol sa malubhâng suliraning iyan.

Hindî akó ang makatututol na ang babáe'y huwag magkaroón ng mga karapatáng sa kanya'y sukat makapagpadakilà, pagká't siya'y kabyak ng sangkatauhan, katulongtulong ng lalaki sa pagpapasán ng mga hirap at sa pagtatamasa naman ng mga kaligayahan sa búhay na ito. Hindî hamak ang tungkuling ginaganap ng babáe sa ikasusulong ng sangsinukob, kaya't ako'y kabilang sa mga umaayong dapat luwagan siyá, na anopá't makapagsumakit sa lalong ikatátaás at ikatutubós sa kalagayang sa kanya'y pinaglagakan ngayon ng mga palagay ng táo't ng mga kautusán man naman.

Ikaw ay kilala kong isá sa mga nagnanais din ng gayón sa ating kababaihan, at di miminsáng pinag-ukulan mo ng mahahalagang mga sandalì ang pagsurì sa paláisipang ito, kayá't umaasa akong di mo ikakait ang pagpapahayag at pagpapaliwanag sa akin ng iyong mga kurò hingíl sa *mga bagay na dapat gawin ñg babáe ukol sa kanilang ikatutubós at ikatatanghál.*

Sumasayapak,

LAKAN-TIIS.

———

Kaibigang *Lakan-Tiis*:

Hindî ko maalaman kung paano sísimulán ang sulat na ito. Manghâng-manghâ akó sa iyong liham na kaharáp ko ngayon, upang tugunin, oo, pagka't nápakabigat ang iyong hilíng sa akin, nápakabigat ang tanóng mong hindî ko maalaman ang matapat na tugón, hindî ko mátuklasán ang hinihingì mong mátamó dini sa nápakahamak kong mga pagkukurò, dini sa isipang walang mápapalang anomán si *Lakan-Tiis.*

¿Hangád mong matalós ang mga kurò ko't pasiyá ukol sa mga bagay na dapat gawín ng mga babáe sa ikasusulong ng kasalukuyang kalagayan nilá?

¿Nais mo?

Aywán......aywán ko nga ang mabuting katwiran ukol dito; subali't sa ganang akin, ay dapat, ukol at bagay na kaming mga babáe, na ginagawang sangkáp na lamang sa pamamahay, ayon sa may matatandâng kaisipán, ay magaral ng mga karunungang sukat makatulong sa paghahangad ng ikálalayà ng ating bayan, sapagka't kung walang karunungan, ay walang maligayang bunga tayong maaantáy. Hindî ba ganitó? Kung ang mga babáe ay sukat na lamang sa pagiging kagamitán sa bahay, at hindì mag-aaral ng pagtulong sa inyó, ¿di ang munting bagay na inyong gágawin ay paggugugulan ng mahabang panahón bago mákamit? Nguni't kung kaming mga babáe ay mátuto ng bahagi ng mga gawàin ninyong mga lalaki, ay mádadalî ang anomang bagay na gagawin.

Hindî ko ibig sabihin, na kami'y magpakatalino, at humawak ng mga tungkuling kagaya ninyó, hindî, at hindî ngâ akó sang-ayong maggugol ng panahón sa isang bagay na hindî agad pakikinabangan, magaral ng mga masasagwâng karunungan, umayók ng mga gawaing hindi angkáp sa aming kilos at paguugalì, sa ugalì ng mga pilipinang labis na pinupuri pa naman ng ibang lahì...

Sa makatuwid, ay nananalig akong: ang mga babáe'y dapat mag-aral ng mga bagay na magagamit sa loob ng bayan at mga kapisanan, magsumakit sa ikatututo ng mga karunungang sukat mágamit namin at maitutulong sa inyo, at kung ganitó nga, ay hindi na tayo magkakahirap sa pagkakamít ng isang bagay na ating minimithî.

Nálalaman mo na ang mga pagkukurò ko hinggil sa bagay na ito, nálalaman mo na ring nais ko na kami'y mágamit din ng bayan sa ikapagiging malayà nating lahat.

Sa ibang araw ay iuúlat ko sa iyo ang mga bagay na pinagsasaligan ko tungkol sa pamamayan naming mga babáe.

Lingkod mo,

SINAG-BITUIN.

Abril 6 1909.

# Por el Honor del Nacionalismo

(REMITIDO)

Sr. Director del BANGON,
Rizal, I. F.

Mi querido amigo y paisano:

Ya que V. se ha permitido publicar en su ilustrado periódico la CARTA ABIERTA de un tal L. GABRIEL desde Pililla, que, según me dicen, ya apareció en "El Renacimiento" el 30 de Marzo último, espero también merecer de su rectitud é imparcialidad la inserción de la adjunta réplica á dicho comunicado, sin más objeto que rendir culto á la justicia y á la santa equidad y para salvar en nuestra Provincia el honor del Nacionalismo.

Y por tan señalado favor, quédome de V. muy agradecido

JUAN BALTAZAR.

San Pedro Makati, Rizal,
18 Abril, 1909.

—

A PROPOSITO DE UNA CARTA ABIERTA

Por no ser amigo de personalismos, voy á prescindirme de cuanto se refiera á la personalidad de un tal *L. Gabriel*, que por medio de una carta abierta trata de atraer hábilmente nuestros votos á favor del Sr. Catalino Sevilla para gobernador de esta Provincia, dando, pa-